Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon III – Gitnang Luzon
**TANGGAPANG PANSANGAY NG BULAKAN**
Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
Website: www.bulacandeped.com Email: bulacan@deped.gov.ph

Enero 25, 2018

**Sa mga: Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan**
**Hepe ng Dibisyon**
**Tagamasid Pansangay**
**Tagamasid Pampurok**
**Puno ng mga Paaralang Sekondarya**

Ipinagbibigay-alam na sa darating na ika-3 ng Pebrero, 2018 ay ipagdiriwang ang ika-119 Guning Taong Kaarawan ni Gat Blas F. Ople. Kaugnay nito, ang ating dibisyon ay magalang na inaanyayahan na dumalo at makiisa.

Ang palatuntunan ay isasagawa sa ganap na ika-7 ng umaga sa harap ng Gusali ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan. Inaanyayahan sa nasabing palatuntunan ang mga Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan, Hepe ng Dibisyon, Tagamasid Pansangay at Pampurok at ang mga Puno ng mga Paaralang Sekondarya. Pormal ang kasuotan.

Inaasahan ang inyong pagbibigay pansin sa bagay na ito.

**ROMEO M. ALIP, Ph. D., CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

**LIHAM PANSANGAY**
**Blg. 027 , s. 2018**

Republika ng Pilipinas
Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan
Lungsod ng Malolos
********

## TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN

Enero 18, 2018

DepEd-SDO of BULACAN
RECEIVED
JAN 2 2 2018
Time: 9:14
Control No. 462

**DR. ROMEO M. ALIP, CESO V**
Tagapamanihala ng Paaralan
Kagawaran ng Edukasyon – Dibisyon ng Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Mahal na **Dr. Alip:**

Pagbati!

Mapalad ang Lalawigan ng Bulacan dahil sa pagsilang ng mga magigiting na bayani at lingkod bayan. Hindi maitatangging kabilang dito si Gat Blas F. Ople – manunulat, mamamahayag, mambabatas at makabayan. Dahil sa kaniyang kontribusyon, hindi lamang sa Lalawigan ng Bulacan kundi maging sa buong bansa, marapat lamang na siya ay bigyang pagkilala sa araw ng kanyang kapanganakan.

Kaugnay nito, ikaw at ang iyong mga supervisor ay aking malugod na inaanyayahang dumalo at makiisa sa palatuntunang pang-alaala para sa ***Ika-91 Guning Taong Kaarawan ni Gat Blas F. Ople*** sa darating na ika-3 ng Pebrero, 2018 sa harap ng Gusali ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa ganap na ika-7:00 ng umaga. Ang pagdiriwang sa taong ito ay may temang "GAT BLAS F. OPLE: Dakilang Lingkod Bayan, Inspirasyon ng Mamamayan".

Bilang isa ring mahusay at masigasig na lingkod bayan tulad ni Ka Blas, ang inyong presensiya sa mahalagang araw na ito ay magbibigay ng inspirasyon sa mga mamamayang Bulakenyo sa mahalagang araw na ito.

Kami ay lubos na umaasa sa inyong pagpapaunlak sa aming paanyaya.

Maraming salamat!

Lubos na sumasainyo,

**WILHELMINO M. SY-ALVARADO**
Punong Lalawigan